



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Mayo 16, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415-940-3585

Binibigyang lakas ng James Cary Smith Community Grant Program ng Distrito ng Hangin ang mga pinuno ng komunidad sa Bay Area

Higit sa 30 grupo ng komunidad ang makakatanggap ng mga gantimpalang kaloob

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayon ng Bay Area Air Quality Management District ang paglulunsad ng 2022 James Cary Smith Community Grant Program nito, na nagpopondo ng higit sa 30 grupo ng komunidad at nonprofit organization para isama ang mga miyembro ng komunidad sa mga desisyon na nakakaapekto sa kalidad ng hangin at kalusugan nila.

Noong 2021, pinagsama ng Distrito ng Hangin ang mga elemento mula sa dating James Cary Smith Grant Program at Community Health Protection Grant Program upang lumikha ng may panibagong pokus na James Cary Smith Community Grant program. Ang bagong programa ay dinisenyo para patatagin ang mga partnership sa mga organisasyong nakabase sa komunidad at ginagamit ang lakas ng komunidad para mapahusay ang kalidad ng lokal na hangin at mga kinalabasan ng kalusugan.

“Excited na kaming palakasin ang mga komunidad para sa hustisyang pangkapaligiran sa pamamagitan ng James Cary Smith Community Grant Program upang gumawa ng mga makabuluhang pagbabago sa mga buhay ng mga lokal na residente,” sabi ni Veronica Eady, senior deputy executive officer ng policy at equity para sa Distrito ng Hangin. “Ang mga nagawaran ay mula sa mga komunidad na humarap sa hindi makatarungang bigat ng mga epekto ng polusyon sa kasaysayan at gagampan ng mahalagang papel sa trabaho ng Distrito ng Hangin na malampasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay na ito sa kalidad ng hangin.”

Gagamitin ang mga pondo ng kaloob upang bumuo at palalimin ang pangmatagalang pagsisikap sa pagtaguyod ng kakayahan kasama ang mga komunidad. Magdidisenyo at magpapatupad ng mga estratehiya ang mga ginawaran upang mapahusay ang kalidad ng lokal na hangin sa iba’t ibang paraan mula sa pagbubuo ng mga paaralan sa hustisyang pangkapaligiran para sa mga kabataan, hanggang sa paglikha ng mga programang pang-ambassador ng kalidad ng hangin sa maraming wika.

Ang pinakamalaking halagang maaari para sa isang indibidwal na kaloob ay \$100,000 kada taon na may potensyal na mapondohan nang hanggang tatlong taon. Binigyang prayoridad ng Distrito ng Hangin ang pagpopondo para sa mga lokal na komunidad ng hustisyang pangkapaligiran na siyang naging kasangkapan sa pagtugon sa mga alalahanin sa kalidad ng hangin sa mga lokal na

kapitbahayan at pagpapahusay ng kalusugan ng mga komunidad na naapektuhan ng mga makasaysayang hindi pagkakapantay-pantay.

Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang www.baaqmd.gov/communitygrants.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na binubuo ng siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)